**Republika ng Pilipinas**
**Sangguniang Panlungsod**
**Lungsod ng Maynila**

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 84

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 437
## Serye ng 2023

**KAPASIYAHAN** NA HUMIHIKAYAT SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MAYNILA SA PANGUNGUNA NG ATING PUNONG LUNGSOD, KAGALANG-GALANG MARIA SHEILAH "HONEY" H. LACUNA-PANGAN, MD, FPDS, NA LUMIKHA NG ISANG TANGGAPAN NA MANGANGASIWA AT MANGANGALAGA SA KAPAKANAN NG MGA ORGANISASYON NG LIPUNANG SIBIL SA LUNGSOD NG MAYNILA SA PAMAMAGITAN NG ISANG KAPASIYAHAN O ORDINANSANG LOKAL SA MATUWID NA KAPARAANANG NAAAYON SA BATAS

MGA MAY AKDA: **KGG. RICARDO "BOY" A. ISIP, JR,** KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUIS C. UY, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, KGG. DANIEL DAVE A. TAN, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya, **KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ,** Pansamantalang Taga Pangulo at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO,** Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo

SAPAGKAT, katangian ng isang mahusay at mabisang pamamahala ang pagkakaroon ng pantay at tuluy-tuloy na pag-unlad ng kapasidad ng gobyernong maglingkod. Kasabay at may kasinghalaga na pagpapalakas at gawing matatag ang relasyon at ugnayan ng pamahalaan sa mga organisasyon ng lipunang sibil;

SAPAGKAT, nabanggit sa Batas Republika Blg. 7160 o ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, na nagbigay ng mandato sa lokal na pamahalaan na pangalagaan, kalingain at itaguyod ang kapakanan ng mga organisasyong hindi pangpamahalaan, organisasyon ng mga tao, at pribadong sektor;

SAPAGKAT, malinaw na nakasaad sa Artikulo 62, Panuntunan XIII ng *Implementing Rules and Regulations* ng *Local Government Code of 1991* na ang mga organisasyon ng lipunang sibil ay maging aktibong katuwang ng pamahalaan sa pagpaplano, paggawa at pagbaba ng mga programa at proyekto. Maging parte ng mga local na espesyal na katawan at maging kabahagi sa pagsasagawa ng mga pangunahing serbisyo para sa mamamayan;

SAPAGKAT, sa pagkakaroon ng Pamahalaang Lungsod ng isang tanggapan na mangangasiwa at kakalinga sa kapakanan ng mga organisasyon ng lipunang sibil, magkakaraon tayo ng mas organisadong pangangalaga ng kanilang kapakanan, mapagtitibay natin ang koneksyon sa pagitan ng pamahalaan at ng ibat-ibang organisasyong hindi pangpamahalaan;

SAPAGKAT, mas madali nating madidinig at malalaman ang kanilang saloobin, suhestion at hinaing na maaaring magresulta sa mas epektibong pagtugon: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na humihikayat sa Pamahalaang Lungsod ng Maynila sa pangunguna ng ating Punong Lungsod, Kagalang-galang Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, na lumikha ng isang tanggapan na mangangasiwa at mangangalaga sa kapakanan ng mga organisasyon ng lipunang sibil sa Lungsod ng Maynila sa pamamagitan ng isang Kapasiyahan o Ordinansang Lokal sa matuwid na kaparaanang naayon sa batas; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasyahang ito ay ipadala sa tanggapan ng Punong Lungsod, Kagalang-galang Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, at ang tanggapan ng *Department of Interior and Local Government Manila*.

PINAMUNUAN NI:

**JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**
Pansamantalang Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 21 ng Setyembre 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: acl/cpf/ebs/avs